NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Enero 7, 2019

## Catriona Gray

## MISS UNIVERSE 2018

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771165 698142
ISSN 1656-98-14
P25

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads

# KOMIKS BILANG SALAMIN NG ATING SARILI

Ni RANDY VALIENTE

Ang mga lumang komiks.

NAIMBITAHAN ako sa Cologne, Germany, apat na taon na ang nakararaan upang dumalo sa Comicmesse. Ito ay taunang pagtitipon ng mga mahihilig sa komiks na ginaganap sa naturang lungsod ng Europa. Sa entrada pa lang ng gusali ay napansin ko nang mas maraming dumadalo na kasing-edad ko, at mas matatanda sa akin. Ako ay batang '90s kaya alam na ninyo kung anong dekada ako nagkatahid, 'ika nga.

Sa mga nakaraang 'pop culture events' at 'comics conventions' na aking napuntahan na tulad nito, sa Amerika man at malalaking lungsod sa Asya, madalas ay dinadaluhan ito ng mga kabataang mahilig sa *cosplay, anime, computer games, tv shows,* at *comics*. Ngunit ang Comicmesse ay naging isang rebelasyon sa akin. Ang komiks ay hindi lang babasahing pambata, katibayan ang malaking pagtitipong ito sa isang malayong lungsod na malayo sa atin.

Sa atin din naman ay hindi tipikal na 'pambata' ang komiks. Kung babalikan natin ang kasaysayan ng komiks sa bansa ay iba ito sa kasaysayan ng *comics* sa Amerika. Noong 1954, nagkaroon ng malaking eskandalo sa American *comics industry* nang maglabas ng aklat ang *child psychologist* na si Fredrick Wertham, ang 'Seduction of the Innocents', na ang paratang ay nakasasama ang *comics* sa mga kabataang nagbabasa nito. Resulta Raw ay ang pagiging hindi interesado sa eskuwelahan, humihina ang utak, nagiging bayolente, at may tendensiya na maging kriminal balang araw.

Dekada '50, ito ang panahong ang karamihan ng naglalabasang *comics* sa America ay *superhero stories* at *crime and horror comics*. Dito nabuo ang mga paratang na baka may ugnayang seksuwal sina Batman at Robin dahil laging magkasama, o kaya ay imoral ang pagsasama nina Superman at Wonder Woman dahil nakasuot lang sila ng *underwear*.

Masyadong malaki ang paratang na ito ni Wertham na nagdala ng isyu sa Senado. Natalo ang industriya ng komiks at maraming publikasyon ang nagsara. Nagkaroon ng 'comics code' kung saan dapat lahat ng lumalabas na *comics* ay tatatakan nito upang malaman na 'safe' nga itong basahin.

Sa Pilipinas ay hindi apektado ang ating industriya sa paratang na ito ni Wertham. Unang-una, hindi naman pambata ang pangunahing target ng ating komiks, mas nakatuon tayo sa 'general public' na mambabasa (hindi tulad sa Amerika na karaniwang nagbabasa ay batang lalaki). Kaya nga nang mga panahong ito ay mayroon na tayong mga kuwentong 'Roberta' at 'Basahang Ginto' ni Mars Ravelo, noong dekada '60 ay mayroon tayong 'Quo Vaids, Pinoy' ni Narciso Morales o kaya ay 'Tubog sa Ginto' ni Ravelo. Ang mga ito ay hindi akdang pambata kundi mas masasakyan ng 'adult audience'.

Ngunit hindi ang 'mature audience' ang nakatawag ng pansin sa akin sa Comicmesse. Pagpasok ko sa gusali at makita ang mga mesa at *booths* ng mga *exhibitors* at *sellers*, nakakita agad ako ng mga lumang komiks, mula 19th hanggang *early years* ng 20th *century*. Ang dami-dami. May mga lumang bersyon, at may mga *reprints*. Ang ilan ay nakita kong panlimang *reprints* na mula nang una itong ilabas.

Bumili ako ng ilang kopya kahit hindi ko naiintindihan ang lengguwahe. Bumili rin ako ng German *version* ng mga lumang *comic strips* ng *early* 20th *century*, tulad ng Prince Valiant ni Hal Foster (1920s), na isa sa naging malaking inspirasyon ng mga dibuhistang Pilipino tulad nina Francisco Coching (National Artist) at Nestor Redondo.

Isang malaking palaisipan sa akin iyon.

Sa Pilipinas, kung saan ako nagsulat at nagdibuho sa komiks sa mahigit dalawampung taon, naranasan ko ang mga pangyayaring ibinibigay lang sa editor ang mga original *drawings* ng komiks, pagkatapos itong maipasa sa imprinta at gawin na ngang komiks, ay itatapon na ito sa basurahan. At kapag tumambak na ay susunugin o kaya ay iri-*recycle*.

Ang mga komiks naman, matapos itong mai-*distribute* sa pamilihan ay ibabalik ito sa bodega at iri-*recycle* ang papel.

Literal ang taguri sa komiks bilang isang 'throw-away entertainment' dahil pagkatapos isulat ng manunulat ang kuwento, matapos ipasa ng dibuhista ang mga pahinang may *drawing*, at matapos mai-*distribute* ng mga ahente ang komiks sa merkado, nagiging patapon na ang mga ito. Kaya nabuo ang mga taguri na 'pambalot ng tinapa' o kaya ay 'pansiga ng apoy' bilang bansag sa komiks.

Lahukan pa ito ng kategoryang 'bakya' at 'poor man's entertainment', ang komiks ay talagang nakatakdang pulutin sa kangkungan.

Kaya nga nahihirapan na tayong makakita ngayon ng mga

Ang mga tindahan ng komiks sa loob ng Comicmesse.

lumang komiks dahil talagang itinatapon lamang ito noong araw. Hindi rin tayo nakakakita ng mga *reprints* ng mga lumang komiks dahil walang materyales para gawin ito. Halimbawa, paano mong iri-*reprint* ang kauna-unahang kuwento ni Darna samantalang wala na ang mga orihinal na *drawings* nito. Malamang sa malamang ay nasunog na ito ng publikasyon noong araw pa. Ang pag-asa lang ay may kolektor na nagtabi ng mismong komiks kung saan lumabas si Darna (Pilipino Komiks 1950) na dapat ay kumpleto.

Ngayong panahon ng *internet*, makakakita tayo ng mga lumang komiks na itinitinda ng mga kolektor sa Ebay, ang mga 1990s at nagkakahalaga ng P100 hanggang P200, ang mga 1950s hanggang 1970s ay mula sa P500 hanggang umabot ng ilang libo. Mapapaisip ka kung bakit ang komiks na binibili mo noong araw ng piso isa ay nagkakahalaga na ngayon ng limandaang piso. Ito ay dahil nga sa kakapusan ng mga kopya.

Ang Pilipino Komiks mula sa Ace Publications na lumabas noong 1947, ay mahirap nang matunton kung sino ang may kopya pa nito ngayon. 'Rarity' ang dahilan kung bakit nagtataasan ang presyong ito ng mga lumang komiks.

Kamakailan ay naimbitahan akong magpresenta ng kasaysayan ng komiks sa isang unibersidad sa Maynila at isa sa naging tanong ko sa mga estudyante ay kung sino na ba sa kanila ang nakapasok sa Megamall? Nagtaasan ang kamay ng lahat. Sino naman ang nakapasok sa Mall of Asia? Nagtaasan din lahat. Sino naman ang nakapasok sa National Museum? May nakita akong tatlo. Sino ang nakapasok sa Museum of Natural History sa Luneta? Wala akong nakitang nagtaas ng kamay.

At iyon ang dahilan kung bakit ang mga komiks na nakita ko sa Comicmesse ay salamin ng lipunang nagtataglay nito. Sila, bilang Europeo, ay mahalaga ang pagpapahalaga sa nakalipas. Sa kanilang kasaysayan, bilang kabuuan. Baka naman kasi hindi tayo interesado sa ganitong mga bagay ng nakaraan kaya hindi natin masyadong pinapasok ang mga museo at pinupuntahan ang mga *historical sites*, mas nasa-*satisfy* tayo sa loob ng *mall*.

Hindi kaya ang turing natin sa komiks, at ang kawalang pagpapahalaga sa kasaysayan nito, ay repleksiyon lamang natin bilang lahi. Bilang lipunan. Hindi natin gaanong tinitingnan ang nakaraan kaya hindi tayo gaanong natututo sa mga aral nito. Kaya nga ang sabi, ang pag-aaral ng kasaysayan ay hindi upang kabisaduhin ang pangalan ng mga tao, o mga petsa, hindi ito usapin ng 'memorization', kundi gagamitin mo ang kasaysayan upang maunawaan ang ngayon at paano mo itong magagamit sa hinaharap.

Ang masakit pa, dahil nga hindi natin binibigyan ng puwang ang kasaysayan sa ating sentido, kaya naman paulit-ulit nating hinaharap ang problema ng bansa. Paulit-ulit nating iniuupo ang mga tiwaling pulitiko kahit obyus nang gumagawa sila ng mali, pabalik-balik din nating hinaharap ang problema ng trapik, basura, korapsyon, at gawi na alam naman na nating

(Sundan sa pahina 21)

Ang mga awtor habang pinipilahan ng mga German comics fans sa Comicmesse.

# Catriona Gray, nagbigay karangalan sa Pilipinas bilang bagong Miss Universe!

**Ni NONIE V. NICASIO**

NAKOPO ng pambato ng Pilipinas na si Catriona Gray ang korona bilang 2018 Miss Universe. Nagbunyi ang buong sambayanang Filipino sa nakamit na tagumpay ng 24 *year old* na Filipino-Australian *beauty queen*.

Kinoronahan si Catriona bilang 2018 Miss Universe sa *grand coronation night* na ginanap sa IMPACT Arena Bangkok, Thailand, nitong nakaraang December 17.

*Crowd favorite* si Catriona sa 67th *edition* ng pinaka-*prestigious beauty pageant* na tinalo niya ang iba pang 93 kandidata.

Mula sa pinag-usapang *lava walk with slow motion effect* ni Cat hanggang sa kanyang ibong Adarna *gown*, at sa matalinong pagsagot sa Q & A *portion*, naging paborito siyang manalo sa *pageant*, pati na ng *host country* na Thailand.

Ipinahayag ni Catriona sa isang panayam na ang kanyang pagkapanalo ay iniaalay niya sa kanyang 104 milyong Pinoy na kababayan. "Sa lahat ng Filipino, *and all the fans, thank you so much for all the love and support thus far, and wow!* Mga kababayan, *I'm so happy to give you the best Christmas gift ever*," sambit niya.

Sa pagkapanalo ng *model-singer*, siya ang naging pang-apat na nakapag-uwi ng korona ng Miss Universe. Kahilera na niya sina Pia Wurtzbach (2015), Margie Moran (1973), at Gloria Diaz (1969).

Tinalo ni Catriona sina Tamaryn Green ng South Africa na siyang naging *first runner-up* at si Sthefany Gutierrez ng Miss Venezuela ang *second runner up*.

Siya ay nakalamang sa *final question and answer* sa kanilang tatlo. Sa tanong ng *host* ng *pageant* na si Steve Harvey na, "*What was the most important lesson you've learned in your life and how would you apply it to your time as* Miss Universe?"

Sagot ni Miss Philippines, "*I work a lot in the slums of* Tondo, Manila *and the life there is… it's poor and very sad. And I've always taught myself to look for the beauty of it, to look for beauty in the faces of the children and to be grateful.*

"*And I would bring this aspect as a* Miss Universe, *to see situations with a silver lining, and to assess where I could give something, where I could provide something as a spokesperson.*

"*If I could teach also people to be grateful, we could have an amazing world where negativity could not grow and foster, and children would have a smile on their faces. Thank you.*"

Ang mga kandidatang pumasok sa Top 10 ay kinabibilangan nina South Africa (Tamaryn Green), Vietnam (H'Hen Niê), Venezuela (Sthefany Gutiérrez), Costa Rica (Natalia Carvajal), Curacao (Akisha Albert), Nepal (Manita Devkota), Canada (Marta Stepien), Thailand (Sophida Kanchanarin), at Puerto Rico (Kiara Ortega).

Bukod kay Catriona na nakapasok sa Top 5, pasok din sina Miss Puerto Rico (Kiara Ortega), Vietnam (H'Hen Niê), South Africa (Tamaryn Green), at Venezuela (Sthefany Gutiérrez).

Tinatayang nagkakahalaga ng $250,000 (Php13.2-M) ang Mikimoto *crown* na isinuot kay Catriona. Ito'y may 500 *diamonds* at may bigat ng humigit kumulang sa 30 carats at 120 South Sea at Akoya *pearls*.

Si Catriona ay ipinanganak sa Cairns, Australia sa Australian *father* at Filipina *mother* na sina Ian at Mita Gray.

Kilala siyang *commercial model*, si Catriona ay may talento rin sa musika bilang *singer* at *songwriter*, May *master's certificate* si Catriona sa *music theory* mula sa Berklee College of Music sa Boston. Siya ay nag-*release* ng una niyang *single* na pinamagatang *We're in this together last* November.

Bukod sa pagiging *black belter* ng Bicolang *beauty queen* na nakamit niya nang siya ay 12 *years old* pa lang, si Catriona rin ay isang *advocate* ng HIV/AIDS *awareness*.

# Anak ni Allen Dizon na si Nella Marie, excited sa pelikulang *Rainbow's Sunset*

**Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO**

ANG 16 *year old* na dalagitang anak ni Allen Dizon na si Nella Marie Dizon ay mapapanood sa pelikulang *Rainbow's Sunset*, *entry* sa 2018 Metro Manila Film Festival. Matutunghayan sa pelikula ang mahuhusay na pagganap ng bigating *cast* sa pangunguna nina Eddie Garcia, Gloria Romero, at Tony Mabesa. Tampok din sa Rainbow's Sunset sina Aiko Melendez, Tirso Cruz III, at Sunshine Dizon.

Ginagampanan ni Nella ang *role* na anak ni Aiko at paboritong apo ni Eddie. Ito na ang ikaapat na pelikula ng *newbie actress* na nauna nang napanood sa pelikulang *Marino* at *Childhaus*.

Kasama rin siya sa hindi pa naipapalabas na *indie movie* na *Persons of Interest* ni Direk Ralston Jover na pinagbibidahan ni Allen.

Aminado si Nella Marie na may *pressure* sa kanya dahil kilala ang ama niya bilang isang *award winning actor*.

"Opo, siyempre po. Kasi po, baka *I'm not what they expected* po. Minsan naiisip ko 'yun kasi po si Daddy po ang galing niya po, maraming *awards*, tapos baka kapag nakita nila ako, baka sabihin nila na parang wala po sa kalingkingan (ni Allen)… Hanggang ngayon po, *I'm still trying to improve*, kasi po noong pinanood ko po 'yung mga *scenes* ko sa *movie*, parang di ko pa po nakukuha 'yung gusto ko *as an actress* po," aniya pa.

Nabanggit din ni Nella Marie na malaking *blessing* para sa tulad niyang baguhan

ang maging bahagi ng pelikulang tulad ng Rainbow's Sunset. Umaasa siyang marami pang proyekto ang darating para sa kanya.

*Thankful and proud* din siya na si Joel Lamangan ang kanilang direktor dito. Idagdag pa ang magagaling na *casts*, "Parang *assured* na po na maganda 'yung kakalabasan ng *movie*," sambit pa niya.

Aminado rin si Nella Marie na nakakaramdam siya ng *excitement* dahil *first time* niyang makakaranas na magkaroon ng *entry* sa MMFF. Nasabi pa

ng dalagita na sasali siya sa taunang parada ng mga bituin nito at sasakay sa kanilang *float*.

Ang Rainbow's Sunset na mula Heaven's Best Entertainment Productions ay isang *family movie* na tamang-tama para sa buong pamilya ngayong Pasko. Pati ang LGBT *community* ay tiyak na maaantig sa pelikulang ito.

Kasama rin sa pelikula sina Jim Pebanco, Sue Prado, Max Collins, Marcus Madrigal, Noel Comia, Ross Pesigan, Ali Forbes, Hero Bautista, Vince Rillon, Zeke Sarmenta, at iba pa.

# Higit Na Matibay

(Mula sa pahina 13)

Napaismid si Aling Maring. "Etsoserang palaka!" sabi nito, saka natatawang iniwan siya.

Binayaan ni Jonna na makaisa sa kanya ang nanay-nanayan niya, minsan-minsan lang naman.

Bati na naman sila ni Janno, nadalas ang pagpunta-punta nito sa Panamitan. Madalang na noon ang tanggap na tahiin ng kanyang tiyahin. Nauso ang mga tiangge at ukay-ukay, nakaapekto sa hanapbuhay ng modista. Pero minsan, nakakatiyempo rin nang maramihang pedido.

Nagkaroon ng liga ng *basketball* sa kanilang barangay, kay Aling Maring nagpatahi ng uniporme ang magkalabang *team* palibhasa'y nakakuha ng mga pulitikong *sponsor*. Naging abala sila. Nilamay ang uniporme para umabot sa pagbubukas ng liga.

Pero hindi lamang pala sa pagtulong sa kanyang tiyahin ang partisipasyon niya. Dumating doon ang *coach* ng isa sa mga *team*, kinausap si Aling Maring.

"Kung p'wede ho sana, kukunin naming *muse* si Jonna n'yo."

Nilingon siya ng tiyahin, kinukunsulta sa tingin. Umiling siya.

"Ayaw yata, e…"

"Payagan n'yo na ho. *Request* lang ng mga *players* namin…"

Na kostumer na ang nakikiusap, walang nagawa si Jonna nang pumayag ang kanyang tiyahin. Sa pagbubukas ng liga, ayaw man niya, napilitan siyang magsuot nang maigsing *shorts* at *jersey* ng nirerepresentang koponan.

Siyempre pa, alaska ang inabot niya kay Janno.

"Ang dami mong *fans*, ha?"

"Pang-asar ka pa!" sabi niya, nakaismid.

Si Ronron, nalaman niya, ay *player* din pala sa isa sa mga *teams*. Pero dahil banong maglaro, madalas na mabangko.

Nanonood sila ni Janno ng laban nang mapansin niya ang isang kabataang lalaking papalapit sa kanilang kinaroroonan, pamilyar sa kanya. Napansin ni Janno ang tinitingnan niya, lumingon at napangiti nang makalapit sa kanila ang kabataan.

Si Sonny.

"Pinsan," nakangiting sabi. "'Andito ka rin pala. At katabi mo pa itong magandang *muse*…"

"Si Sonny," sabi ni Janno sa kanya. "*Second cousin* ko. Sa kanila ako umuuwi. Sa *mommy* n'ya 'yung parlor."

"*Hi*," sabi ni Sonny.

Pinsan pala. Kaya pala pamilyar sa kanya.

"Si Jonna, tropa ko," sabi ni Janno. "Nakikita mo na s'ya. Minsan, tumatambay s'ya sa parlor."

"A, oo! Kaya pala pamilyar sa 'kin. *Hi*, Jonna…"

"*Hi*."

"Magaling pipili ng kaibigan 'tong pinsan ko," sabi ni Sonny sa kanya. "Alam mo bang walang pang nagiging syota 'to…?"

Hindi siya sumagot. Napepreskuhan siya kay Sonny.

(ITUTULOY)